

# PLANO PARA SA ACCESSIBILITY

---

Setyembre 2023

**Elections BC**  
**Plano Para sa Accessibility**

Setyembre 2023

Elections BC  
Accessibility Plan

[Filipino]



# MGA NILALAMAN

---

<b>Mensahe mula sa Chief Electoral Officer .....</b>	<b>1</b>
<b>Ehekutibong Buod .....</b>	<b>2</b>
<b>Panimula .....</b>	<b>3</b>
Tungkol sa Elections BC .....	3
Tungkol sa Aming Accessibility .....	3
Pagkilala sa Key Contributors .....	3
Pagkilala sa Teritoryo .....	4
Mga Kahulugan ng mga Salita .....	4
<b>Framework na Gumagabay sa Aming Gawain .....</b>	<b>5</b>
Ang Accessible British Columbia Act.....	5
Iba Pang Lehislasyon .....	6
<b>Tungkol sa Aming Plano Para sa Accessibility .....</b>	<b>6</b>
<b>Tungkol sa Aming Accessibility Committee .....</b>	<b>7</b>
Tungkulin at mga Responsibilidad ng Committee .....	7
Pagpili sa mga Miyembro ng Committee .....	7
<b>Tungkol sa Aming Feedback Mechanism .....</b>	<b>8</b>
Mga Konsultasyon .....	9
<b>Accessibility Features sa Elections BC .....</b>	<b>9</b>
Impormasyon at Komunikasyon .....	10
Mga Paraan ng Pagboto .....	10
Accessibility sa Pagboto .....	12
Accessibility Para sa mga Politikal na Kalahok .....	14
Accessibility sa Lugar ng Trabaho .....	15
<b>Mga Hadlang.....</b>	<b>16</b>
Accessibility by Design .....	16
Training .....	16
Physical Accessibility at Built Environment .....	17
Accessibility sa Proseso ng Pagboto .....	17

<b>Ang Aming mga Priyoridad para sa 2023/24 hanggang sa 2025/26....</b>	<b>18</b>
Ika-1 Priyoridad : Ipatupad ang voting modernization para sa susunod na provincial general election (pangkalahatang eleksyon sa province) .....	18
Ika-2 Priyoridad : I-review ang accessibility ng website at ng Online Voter Registration System ng Elections BC .....	18
Ika-3 Priyoridad: Magbigay ng impormasyon sa mga politikal na kalahok sa iba't ibang format .....	19
Ika-4 na Priyoridad : Magbigay ng impormasyon sa mga botante sa iba't ibang format.....	19
Ika-5 Priyoridad : Pabutihin ang training materials para sa election officials at district electoral staff.....	19
Ika-6 na Priyoridad : Humingi ng input mula sa mga empleyado ng Elections BC tungkol sa kung paano mapapabuti ang accessibility sa ating mga lugar ng trabaho.....	20
<b>Pagsubaybay at Pagtatasa .....</b>	<b>20</b>
<b>Konklusyon .....</b>	<b>21</b>

# MENSAHE MULA SA CHIEF ELECTORAL OFFICER

---

Ang pagbuo ng isang accessible at inklusibong electoral process ay isang core strategic priority ng Elections BC. Bilang Chief Electoral Officer, ang isa sa aking mga pangunahing layunin ay ang pagbabawas ng mga hadlang sa pagboto at ang pagpapabuti ng mga serbisyo para sa mga botante, mga kandidato, mga politikal na partido, at lahat ng mga kasangkot sa mga halalan. Nasasabik ako sa pagkakataong ipagpatuloy ang gawaing ito sa ilalim ng framework na itinatag ng *Accessible British Columbia Act* at ng accessibility plan na ito. Ang aming accessibility plan, accessibility committee, at feedback mechanism ay tutulong sa amin na tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang, at tutulong sa amin na panatilihin ang posisyon ng B.C. bilang isang pinuno sa electoral accessibility. Taos-puso akong nagpapasalamat sa mga miyembro ng aming accessibility committee at sa lahat ng nag-ambag sa planong ito.



**Anton Boegman**  
Chief Electoral Officer  
British Columbia

# EHEKUTIBONG BUOD

---

Ang layunin ng planong ito ay ang tukuyin, tanggalin at iwasan ang mga hadlang sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa Elections BC. Sa panahon ng provincial general elections (pangkalahatang eleksyon sa province), nakikipag-ugnayan kami sa mga botante, mga kandidato, at mga empleyado sa lahat ng rehiyon ng province. Ang pagtitiyak na magkaroon ng isang accessible electoral process para sa mga halalan sa province sa British Columbia ay isang pangunahing focus para sa amin. Nilalayan naming gawing accessible ang mga halalan sa pamamagitan ng pagbigay ng iba't ibang paraan ng pagboto, kasama na ang pagboto sa Final Voting Day (Huling Araw ng Pagboto), pagboto sa advance voting, pagboto sa mail, pagboto sa anumang district electoral office, at mga oportunidad sa pagboto para sa mga botante na may accessibility challenges, tulad ng Assisted Telephone Voting at curbside voting. Mayroon din kaming resources at procedures na nakalaang tumulong sa mga botante sa paraang pinakamahusay na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan.

Plano naming pabutihin ang aming resources at procedures sa tulong ng aming accessibility committee at ng publiko. Hinihikayat namin ang publiko na padalhan kami ng feedback tungkol sa anumang mga hadlang na nararanasan nila sa pakikipag-ugnayan sa amin upang matanggal namin ang mga hadlang at maiwasan ang mga ito.

Natukoy namin ang anim na prioridad na inaasahan naming magagawang higit na accessible ang aming resources, mga lugar ng botohan at lugar ng trabaho sa loob ng susunod na dalawang taon. Ang mga prioridad na ito ay ang:

- pagpapatupad ng isang modernisadong proseso ng pagboto para sa susunod na provincial general election ng B.C.
- pag-rereview ng accessibility ng aming website at Online Voter Registration System,
- pagbibigay ng impormasyon sa mga politikal na kalahok sa iba't ibang format
- pagbibigay ng impormasyon sa mga botante sa iba't ibang format
- pagpapahusay sa training materials para sa election officials at district electoral office staff, at
- paghingi ng input mula sa mga empleyado ng Elections BC tungkol sa kung paano mapapabuti ang accessibility sa ating mga lugar ng trabaho

# PANIMULA

---

## Tungkol sa Elections BC

Ang Elections BC ay isang independent, non-partisan na Office of the Legislature. Pinamamahalaan namin ang provincial general elections, by-elections, recall petitions, initiative petitions, referenda, at plebiscites. Kami rin ang nangangasiwa sa campaign financing at advertising rules para sa mga lokal na halalan. Ang aming mandate ay nanggagaling sa lehislasyon, kasama na ang *Election Act*, *Recall and Initiative Act*, *Referendum Act*, at *Local Elections Campaign Financing Act*. Magkakasamang inilalarawan ng mga Batas na ito ang aming mga responsibilidad, at itinatakda nito ang mga tungkulin ng Chief Electoral Officer. Ang Chief Electoral Officer ay isang statutory Officer of the Legislature at direkta itong nagrereport sa Legislative Assembly. Bilang isang independent officer, ang Chief Electoral Officer ay maaaring gumawa ng mga order at mga regulasyon, at dapat siyang manatiling neutral at walang kinikilingan.

## Tungkol sa Aming Accessibility

Ang Elections BC ay nakikipag-ugnay sa milyon-milyong tao at maraming mga organisasyon sa British Columbia, kabilang na ang:

- mga botante;
- mga politikal na kalahok, tulad ng mga kandidato at mga politikal na partido;
- aming mga empleyado, at
- iba pang miyembro ng publiko, na maaaring mag-access ng impormasyon na ibinibigay namin tungkol sa demokrasya sa British Columbia, anuman ang kanilang eligibility para bumoto o para maging isang kandidato. .

Ang aming accessibility focus ay ang pagtukoy, pagtanggap, at pag-iwas sa mga hadlang para sa lahat ng mga nakikipag-ugnayan sa amin dahil nais naming maging accessible at madaling gamitin ang lahat ng aming mga proseso, serbisyo, at resources.

## Pagkilala sa Key Contributors

Nilikha ng Elections BC ang accessibility plan na ito nang may suporta ng accessibility committee nito. Nais naming magpasalamat sa mga miyembro ng aming committee para sa kanilang mga payo at patnubay sa plano at para sa napakahalagang tungkulin na ginagampanan nila sa pagtulong sa Elections BC na magbigay ng accessible at inklusibong electoral services. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming [accessibility committee](#), bisitahin ang Elections BC website.



## Pagkilala sa Teritoryo

Kinikilala ng Elections BC, nang may paggalang, na ang aming head office ay nasa tradisyonal na teritoryo ng Lekwungen People, kilala na ngayon bilang Songhees and Esquimalt Nations. Pinangangasiwaan namin ang mga halalan sa province sa mga tradisyonal na teritoryo ng lahat ng First Nations na napapaloob sa kung ano ngayon ay tinatawag na British Columbia.

## Mga Kahulugan ng mga Salita

Ang mga kahulugan ng mga salita sa seksyon na ito ay mula sa [BC Accessibility Hub](#), [British Columbia Framework for Accessibility Legislation](#) at [Accessibility Legislation Plain Language Summary](#):

- **Accessibility:** Ang lahat ng mga tao ay makakasali sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng trabaho, laro, at iba pang mga pang-araw-araw na aktibidad. Ang accessibility ay tungkol sa pagtanggali ng mga hadlang at pagdagdag ng inclusion at independence para sa lahat.
- **Adaptability:** Ang disability (kapansanan) at accessibility ay mga konseptong nagbabago habang ang mga serbisyo, teknolohiya, at attitudes ay nagbabago.
- **Assistive/Adaptive Devices:** Anumang device na dinisenyo, ginawa, o iniangkop para matulungan ang isang tao na magampanan ang isang partikular na gawain.
- **Hadlang:** Anumang bagay na nakakapigil sa lubos at pantay na paglahok sa lipunan ng isang táong may kapansanan.
- **Candidate Nomination Application System (CNAS):** Isang web-based application na maaaring gamitin ng mga indibidwal para ihanda at isumite ang kanilang aplikasyon para sa candidate nomination.
- **Kolaborasyon:** Ang pagtaguyod sa accessible communities ay responsibilidad ng lahat at ang bawat isa ay may papel na gagampanan.
- **Disability (kapansanan):** Ang kawalan ng kakayahan na lubos at pantay na makilahok sa lipunan dahil sa pakikipag-ugnayan ng isang kapinsalaan at isang hadlang.
- **Diversity:** Ang mga táong may mga kapansanan ay mga indibidwal na may iba't ibang mga background. Ang mga indibidwal na katangian, kabilang na ang lahi, kasarian, sekswal na oryentasyon, relihiyon at karanasan sa buhay, ay nag-aambag sa mga karanasan ng mga indibidwal.
- **Kapinsalaan:** Isang kapansanan na pisikal, sensory, pangkaisipan, intelektuwal o cognitive, permanente man, panandalian man, o episodic.
- **Inclusion:** Lahat ng mga taga-British Columbia, kabilang na ang mga táong may kapansanan, ay dapat makalahok nang husto at nang pantay sa kanilang mga komunidad.
- **Prescribed Organization:** Isang organisasyon na itinakda ng mga regulasyon ng isang batas.
- **Self-determination:** Ang mga táong may mga kapansanan ay dapat makagawa ng kanilang sariling choices at magsikap na mamuhay tulad ng gusto nila.
- **Universal Design:** Ang proseso ng paggawa ng mga serbisyo at mga kapaligiran na accessible sa mga tao na may iba't-ibang kakayahan, mga kapansanan, at iba pang mga katangian.

# FRAMEWORK NA GUMAGABAY SA AMING GAWAIN

---

Ang mga táong may kapansanan ay natatangi at diverse. Ang mga karanasan ng mga táong may mga kapansanan ay nag-iiba-iba batay sa uri at kalubhaan ng kanilang kapansanan. Maraming tao ang mayroong maramihang kapansanan, na maaaring lumikha ng mga natatanging hadlang. Ang mga indibidwal na katangian ay nakakaapekto sa mga karanasan ng mga indibidwal, kabilang ang lahi, kasarian, sekswal na oryentasyon, relihiyon, economic status, at kung saan nakatira ang isang tao (rural o urban area).

## *Ang Accessible British Columbia Act*

Noong 2021 ay naging batas ang *Accessible British Columbia Act*. Ang Act ay nagbibigay ng framework upang tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang sa accessibility. Para magawa ito, kinakailangan ng Act na gawin ng Elections BC at iba pang prescribed organizations ang sumusunod:

- lumikha ng isang accessibility plan,
- magtatag ng isang accessibility committee, at
- lumikha ng isang public feedback mechanism.

Dapat magdibelop ang Elections BC ng isang accessibility plan para tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa amin. Kapag kami ay nagdibelop o nag-update ng plano, dapat naming konsultahin ang aming accessibility committee. Sumusunod ang plano sa mga prinsipyong ito:

- Adaptability
- Kolaborasyon
- Diversity
- Inclusion
- Self-determination
- Universal design

Para sa mga kahulugan ng mga salitang ito, tingnan ang seksyon ng “Mga Kahulugan ng mga Salita” sa itaas.

Dapat magtatag ang Elections BC ng isang accessibility committee para tumulong sa amin na tukuyin kung ano ang mga hadlang sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa amin, at payuhan kami kung paano tanggalin at iwasan ang mga hadlang na ito. Para sa feedback mechanism, dapat magdibelop ang Elections BC ng isang proseso para sa pagtanggap ng mga komento mula sa publiko tungkol sa aming accessibility plan at mga hadlang sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa amin.

## Iba Pang Lehislasyon

May iba pang karagdagang mga batas at codes na nakakaapekto sa mandate ng Elections BC at sumusuporta na gawing accessible ang electoral process. Pinoprotektahan ng mga ito ang mga karapatan ng mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa Elections BC, tulad ng mga botante. Kabilang sa mga batas na ito ang:

- *Election Act*, na naglalaman ng mga tuntunin upang mabawasan ang mga hadlang sa pagboto at upang magawang accessible ang pagboto sa provincial level. May iba't-ibang mga paraan ng pagboto, kabilang ang sa Final Voting Day, mahigit sa anim na araw ng advance voting, sa pamamagitan ng mail, sa anumang district electoral office, at sa pamamagitan ng Assisted Telephone Voting para sa mga botanteng may mga kapansanan. Lahat ng botante ay makakaboto saan mang lugar ng botohan sa province. Iniutos din ng Election Act na magtakda ang mga empleyado ng Elections BC ng mga lugar ng botohan na hangga't maaari ay nasa isang madaling puntahang lokasyon para sa karamihan ng mga botante at accessible talaga para sa mga indibidwal na may pisikal na kapansanan o nahihirapang kumilos.
- *Canadian Charter of Rights and Freedoms*, na nagbibigay sa bawat mamamayan ng Canada ng karapatan na bumoto at tumakbo bilang isang kandidato sa provincial at federal na eleksyon. Ang Elections BC ay ang tagapangalaga ng karapatang ito para sa provincial elections sa British Columbia. Ang bawat indibidwal sa Canada na eligible na bumoto o tumakbo bilang isang kandidato ay may karapatang bumoto o tumakbo, anuman ang kanyang kapansanan.
- *B.C. Human Rights Code*, na nagprotektá at nagtataguyod ng human rights at nagprotektá sa mga tao mula sa diskriminasyon at panliligalig.
- *Convention on the Rights of Persons with Disabilities*, na nagprotektá nang walang diskriminasyon sa mga karapatang pantao at dignidad ng mga táong may mga kapansanan.

## TUNGKOL SA AMING PLANO PARA SA ACCESSIBILITY

Ang dokumentong ito ay ang accessibility plan ng Elections BC. Nilalayon ng planong ito na tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa amin. Nakikipagkomunika kami sa mga indibidwal sa iba't-ibang mga paraan, kabilang ang makipagkomunika nang harapan, sa telepono at fax, mail at email, at sa pamamagitan ng social media. Ginagamit ng mga botante, mga kandidato, mga empleyado, at iba pang mga indibidwal ang aming website, guides at reports. Ginagamit nila ang mga ito para makahanap ng impormasyon tungkol sa pagboto, sa mga eleksyon sa province, kung paano maging kandidato, mga patakaran sa advertising para sa eleksyon, at marami pang iba. Sa aming accessibility plan, inilalarawan namin ang accessibility features, mga hadlang, at mga prioridad ng Elections BC, at kung paano namin susubaybayan at tatasahan ang aming progress. Bawat dalawang taon man lamang ay gagawan namin ng update ang plan.

# TUNGKOL SA AMING ACCESSIBILITY COMMITTEE

---

## Tungkulin at mga Responsibilidad ng Committee

Noong 2023, nag-appoint ang Elections BC ng walong miyembro sa aming unang accessibility committee. Ang Elections BC Accessibility Committee ay magpupulong dalawang beses sa isang taon man lamang. Ang pangunahing tungkulin ng committee ay ang tulungan ang Elections BC na tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan sa Elections BC, kabilang na ang mga botante at mga kandidato. Ang mga responsibilidad ng committee ay ang:

- magbigay ng subject matter expertise tungkol sa mga kapansanan, mga pangangailangan sa accessibility, at paghahatid ng walang-hadlang na serbisyo sa mga táong may mga kapansanan;
- magpayo sa Elections BC sa kung paano makakapagbigay ng accessible services sa mga botante at iba pang nakikipag-ugnay sa Elections BC;
- magbigay ng input sa Elections BC tungkol sa public facing, mga serbisyong may kinalaman sa eleksyon, tools at resources;
- magbigay ng input sa accessibility plan at public feedback mechanism ng Elections BC, at
- tumulong sa pagtukoy ng mga pinakamahusay na paraan para ipaalam sa mga táong may mga kapansanan na may rehistrasyon para sa mga botante, may mga oportunidad para bumoto, at na may proseso ng pagboto.

## Pagpili sa mga Miyembro ng Committee

Nagsagawa ang Elections BC ng research upang tukuyin kung sino ang mga indibidwal sa British Columbia na mga eksperto sa mga kapansanan at accessibility. Nag-imbata kami ng walong indibidwal para sumali sa aming committee. Ang karamihan ng mga miyembro ay mga táong may mga kapansanan o mga indibidwal na sumusuporta o mula sa mga organisasyon na sumusuporta sa mga táong may mga kapansanan. Ang mga táong bumubuo ng committee ay tumutupad sa requirements ng seksyon 9 ng *Accessible British Columbia Act*. May karagdagang impormasyon tungkol sa aming [accessibility committee](#) na matatagpuan sa Elections BC website.

# TUNGKOL SA AMING FEEDBACK MECHANISM

Nais naming matutunan kung ano ang mga hadlang na hinaharap ng mga táong may kapansanan kapag nakikipag-ugnayan sa Elections BC para matanggal at maiwasan namin ang mga hadlang na iyon. Maaaring magbigay ang mga indibidwal ng feedback sa Elections BC sa iba't-ibang paraan. Ang feedback ay gagamitin namin para sa accessibility plans sa darating na panahon, at tumutulong itong siguraduhin na magagamit ng lahat ang aming mga serbisyo, mga proseso, at resources. Sa panahon ng mga eleksyon sa province, gumagamit ang Elections BC ng isang accessibility feedback form upang mangolekta ng feedback tungkol sa accessibility mula sa mga botante sa mga lugar ng botohan. Maaaring punan ng mga botante ang form at iwanan ito sa drop box. May election officials na makakatulong sa mga botante kapag pinupunan nila ang form, kung nais nila. Ang mga botante ay nagbibigay din ng feedback sa amin tungkol sa pagboto sa mga eleksyon sa province gamit ang telepono at email. Nire-review ng mga empleyado ng Elections BC ang feedback pagkatapos ng eleksyon upang makita kung paano namin mapapahusay ang aming mga proseso ng pagboto at ang aming resources para sa susunod na panahon.

Nangongolekta rin ng feedback ang Elections BC mula sa publiko buong taon. Ibinabahagi namin ang mga paraan kung paano makapagbibigay ng [feedback](#) sa amin ang publiko sa Elections BC website. Halimbawa, maaari kaming makontak ng mga tao sa pamamagitan ng mail, email, fax, nang personal, o sa telepono. Malugod naming tinatanggap ang Video Relay Service (VRS) calls at mayroon kaming isang teletypewriter (TTY) phone number. Hinihikayat namin ang publiko na magbigay sa amin ng feedback tungkol sa aming accessibility plan at sa anumang mga hadlang na kanilang nararanasan kapag sinusubukan nilang:

- magparehistro para bumoto;
- bumoto;
- maging isang kandidato;
- mag-apply para sa trabaho sa Elections BC; o
- gamitin ang resources, impormasyon, o mga tanggapan ng Elections BC.

Maaaring magbahagi ang mga indibidwal ng kasing daming o kasing kaunting impormasyon na nais nila. May opsyon ang mga indibidwal na ibigay sa amin ang kanilang pangalan at contact information. Pinahihintulutan kami ng *Accessible British Columbia Act* na mangolekta ng anumang personal na impormasyon na ipinadala sa amin ng sinuman kasama ng kanilang accessibility feedback. Kung ibinahagi ng mga tao ang kanilang contact information, maaari silang makatanggap ng isang follow-up request mula sa amin na humihingi ng karagdagang mga detalye tungkol sa kanilang karanasan.

Bukod pa rito, ang Elections BC ay lumilikha ng hiwalay na internal process na magpapahintulot sa mga empleyado na magbigay ng feedback at input tungkol sa accessibility sa head office at warehouse ng Elections BC. Ang district electoral officers at deputy district electoral officers ay makapagbibigay ng feedback at input tungkol sa district electoral offices at mga lugar ng botohan.

## Mga Konsultasyon

Nakikipagkonsulta ang Elections BC sa mga grupo, mga organisasyon, at sa publiko upang mapabuti ang accessibility ng aming mga serbisyo, mga proseso, at resources. Kabilang dito ang regular na pagkonsulta sa aming accessibility committee. Halimbawa, tinulungan kami ng committee na i-review at pahusayin ang aming accessibility plan.

Madalas na nakikipagtulungan ang Elections BC sa electoral management bodies para tulungan kaming gawing mas accessible ang pagboto. Halimbawa, kami ay miyembro ng Secretariat for Electoral Coordination's Voters with a Disability Community of Practice. Ibinabahagi ng grupo ng election administrators na ito sa buong Canada ang kanilang mga kasanayan hinggil sa paglilingkod sa mga botanteng may mga kapansanan, at tinutukoy nila ang mga bagong initiative na maaari naming gawin nang magkasama. Tinutukoy din ng grupong ito ang tools at resources na maaaring gamitin ng Elections BC at ng ibang mga miyembro ng grupo para pahusayin ang mga serbisyo sa mga botanteng may mga kapansanan.

Nakikipagkonsulta rin ang Elections BC sa Election Advisory Committee tungkol sa paggana ng *Election Act*, lalo na bago gumawa ng mga rekomendasyon para baguhin ang batas o para sa mga regulasyon sa ilalim ng Act. Sa mga nakalipas na taon, tinalakay sa mga konsultasyon na ito ang accessibility ng electoral process. Ang Election Advisory Committee ay itinatag sa ilalim ng seksyon 14 ng *Election Act*. Kabilang dito ang Chief Electoral Officer bilang committee chair, dalawang miyembro para sa bawat politikal na partido na kinakatawan sa Legislative Assembly, at isang miyembro para sa bawat partido na dating may mga kandidato sa kalahati man lamang ng mga distrito sa nakaraang pangkalahatang eleksyon pero hindi kinakatawan sa Legislative Assembly.

Bukod pa rito, ang Elections BC ay dumadalo sa conferences at nagho-host ng mga workshop buong taon, kabilang na ang conferences na dinadaluhan ng mga taong may mga kapansanan. Nangongolekta kami ng feedback sa conferences at workshops tungkol sa mga karanasan ng mga tao sa pakikipag-ugnayan nila sa Elections BC, tulad ng habang sila ay bumoboto o nagtatrabaho sa mga lugar ng botohan.

# ACCESSIBILITY FEATURES SA ELECTIONS BC

Inilalarawan ng seksyon na ito ang features na inaasahan naming magpapadali para sa lahat na makipag-ugnay sa Elections BC. Sa kahulihan ay malalaman mula sa mga karanasan ng mga tao kung ang features ay tunay na accessible, at matutukoy ng kanilang mga karanasan ang mga paraan kung paano kami maaaring magbago at bumuti. Sa iba pang mga seksyon ay tatalakayin namin ang mga hadlang sa Elections BC at ang aming mga priyoridad.

## Impormasyon at Komunikasyon

Ibinabahagi ng Elections BC ang impormasyon tungkol sa mga eleksyon at voter registration sa ilang mga paraan. Halimbawa, pagkatapos na ipahayag ang isang eleksyon, nagpapadala sa mail ang Elections BC ng isang Where to Vote card sa bawat rehistradong botante sa province. Ang card na ito ay mayroong personalized na impormasyon tungkol sa kung kailan, saan, at paano boboto. Ang impormasyon sa card ay matatagpuan din sa Elections BC website.

Ina-advertise namin kung paano bumoto sa iba't-ibang mga format, kabilang na ang radyo, online, print at dyaryo. Halimbawa, sa nakaraan ay naglathala kami ng isang artikulo sa The Westcoast Reader, na isang newspaper sa simpleng wika; ito'y online resource na inilalathala ng Decoda Literacy Solutions at ng Camosun College. Kabilang sa aming advertisements ang accessibility features, tulad ng captions sa aming video ads. Bukod pa rito, sa nakaraan ay nakipagtulungan kami sa Canadian National Institute for the Blind para magbahagi ng impormasyon tungkol sa Assisted Telephone Voting sa kanilang mga miyembro (tingnan ang seksyon ng "Assisted Telephone Voting" sa ibaba para sa impormasyon tungkol sa paraan ng pagbotong ito). Lumilikha rin kami ng resources tungkol sa voter registration at voting materials sa iba't-ibang mga wika. Balak naming tingnan ang mga paraan kung paano kami makakalikha ng resources sa mas marami pang mga format at gumawa ng mga video sa sign language.

Ibinabahagi ng aming outreach program ang impormasyon tungkol sa mga eleksyon, pagboto, voter registration, at job opportunities sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Ibinabahagi namin ang impormasyon na ito sa pamamagitan ng presentations at exhibitor booths sa conferences. Halimbawa, ilang taon kaming nagbigay ng presentations at workshops para sa Inclusion BC. Ipinapadala rin namin ang impormasyon na ito sa pamamagitan ng email o sulat sa mga organisasyon sa buong province na naglilingkod sa mga táong may mga kapansanan para matulungan nila kaming ibahagi ang aming impormasyon sa kanilang mga network. Nakikipagtulungan din kami sa mga aklatan, mga tanggapan ng Service BC, at mga munisipalidad para ibahagi ang aming impormasyon sa bawat rehiyon ng province, kabilang na ang urban at rural areas.

## Mga Paraan ng Pagboto

Ang Elections BC ay may may modelong "vote anywhere" ("bumoto kahit saan"); ibig sabihin ay makakaboto ang mga botante sa anumang lugar ng botohan sa province. Sa panahon ng eleksyon, nililista ng Elections BC ang [mga lugar ng botohan](#) sa aming website at sa Where to Vote cards na ipinapadala sa bawat registradong botante sa province. Inilalathala rin namin ang mga ito sa community newspapers. Maaaring gamitin ng mga botante ang aming web app, o maaari silang tumawag sa Elections BC kapag may eleksyon para malaman kung saan boboto. Bukod pa rito, ibinabahagi namin ang impormasyon tungkol sa mga paraan ng pagboto:

- sa aming advertisements,
- kapag kami ay may presentations,
- sa aming website, at
- sa voter's guide na ipinapadala namin sa mail lahat ng sambahayan kapag may provincial election.

Narito ang isang buod ng mga paraan ng pagboto sa isang provincial election:

### **Bumoto nang Advance**

Mayroong anim na araw ng advance voting sa panahon ng mga halalan sa province. Ang mga lugar ng advance voting ay bukás mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. local time. Hindi kailangan ng mga botante ng espesyal na dahilan para bumoto sa advance voting – ito ay isang opsyon para sa lahat ng mga eligible na botante. Kung ang isang tao ay hindi pa dating nakarehistro, o luma na ang kanyang impormasyon, maaari siyang magparehistro o mag-update kapag siya ay bumoto. Ang mga indibidwal ay maaaring bumoto sa anumang lugar ng advance voting, at ang lahat ng lugar ng advance voting ay physically accessible sa mga gumagamit ng mobility devices.

### **Bumoto sa Final Voting Day (Huling Araw ng Pagboto)**

Ang Final Voting Day ay ang ika-28 na araw pagkatapos ihayag ang eleksyon. Para bumoto sa Final Voting Day, maaaring magtungo ang isang botante sa anumang lugar ng pagboto sa pagitan ng 8 a.m. at 8 p.m., Pacific time. Ang kanyang itinakda o pinakamalapit na lugar ng botohan ay ililista sa kanyang Where to Vote card. Kung hindi pa siya dating nagrehistro, o kung kailangang i-update ang kanyang impormasyon, maaari siyang magparehistro o mag-update kapag siya ay bumoto.

### **Bumoto sa anumang District Electoral Office**

Maaring bumoto sa anumang district electoral office mula sa araw kung kailan ipinahayag ang eleksyon hanggang sa 4 p.m. sa Final Voting Day. Kung ang isang botante ay hindi pa dating nagparehistro, o ang kanyang impormasyon ay luma na, maaari siyang magparehistro o mag-update kapag bumoto siya.

### **Pagboto sa Mail**

Maaaring humingi ang mga botante ng isang vote-by-mail package bago pa ipahayag ang isang eleksyon hanggang 4 p.m. sa Final Voting Day. Ipapadala ng Elections BC sa indibidwal ang package sa mail, o maaari niya itong i-pickup mula sa isang district electoral office. Dapat maghintay ang mga botante hanggang naipahayag ang eleksyon bago sila bumoto gamit ang kanilang package. Maaaring isauli ng mga botante ang nakumpletong package sa isang district electoral office, sa anumang lugar ng pagboto, o iba pang designadong service locations bago mag-8 p.m. sa Final Voting Day. Kung ang isang botante ay hindi pa dating nagparehistro o ang kanyang impormasyon ay luma na, bibigyan namin siya ng instructions sa voting package para malaman niya kung paano magparehistro o mag-update ng kanyang impormasyon.

### **Special Voting Opportunities**

Nagtatag ang Elections BC ng special voting opportunities upang paglingkuran ang mga botante na maaaring hindi makaboto. Kabilang sa karaniwang special voting opportunities ang pagbisita ng mobile teams sa acute care hospitals, rehabilitation facilities, at residential care homes na nagbibigay ng pangangalaga sa mga matatanda o sa nakababatang adults na may mga pisikal o pangkaisipang kapansanan.



**Assisted Telephone Voting**

Ang Assisted Telephone Voting ay magagamit ng mga botante na hindi makakaboto nang mag-isa sa iba pang paraan. Upang bumoto gamit ang Assisted Telephone Voting, ang registration information ng isang tao ay dapat up-to-date at dapat ay natutupad niya ang isa sa mga sumusunod na criteria:

- Siya ay bulag.
- Mayroon siyang kapansanan o kondisyon sa kalusugan na humahadlang sa kanya na bumoto nang mag-isa,
- Hindi siya makaboto gamit ang anumang iba pang paraan sa huling linggo ng panahon ng kampanya at hindi siya makaboto sa mail.

Ang mga botante lamang na tumutupad sa isa sa mga criteria na ito ang maaaring bumoto sa telepono, at dapat komfirmahin ng mga botante na sila ay eligible. Kapag ang isang botante na hindi eligible ay nagtangkang bumoto sa telepono, maaaring hindi makatawag sa telepono ang mga táong eligible. Tinutulungan ng telephone operators ang mga botante na bumoboto sa telepono. Ang Elections BC ay may sinusunod na procedure para masigurado na lihim ang balota ng mga botante na bumoboto sa telepono.

## Accessibility sa Pagboto

Makatutulong ang election officials sa mga botante sa mga lugar ng botohan kung nais ng isang botante ang tulong. Sinasanay ng Elections BC ang election officials na sundin ang mga hakbang na ito:

- Tanungin ang mga botante “Mayroon ba akong maitutulong sa inyo?”
- Makinig nang mabuti
- Kumilos alinsunod sa kung ano ang hiniling ng botante, hindi sa kung ano ang sa tingin ng election official ay makakatulong

May mga serbisyo, resources, at tools ang Elections BC na magagamit para tulungan ang mga botanteng may mga kapansanan, bumoboto man sila nang personal o nang remote.

**Assistive/Adaptive Devices**

Pinahihintulutan ang mga botante na dalhin ang kanilang sariling tools para gamitin sa lugar ng botohan. Bukod pa rito, may isang Accessible Voting System sa bawat district electoral office para makaboto ang mga botante nang mag-isa. Kabilang dito ang mga botante na bulag at mga botanteng may iba pang uri ng kapansanan. Magkakaroon ang mga botante ng opsyon na makinig sa isang audio recording ng listahan ng mga kandidato para sa kanilang district at pagkatapos ay ipahiwatig ang kanilang boto sa pamamagitan ng paggamit ng isang hand-held selector device, sip-and-puff straw, s o paddles. Ang papel na balota ng botante, na nagtataglay ng kanilang piniling kandidato, ay ipi-print pagkatapos nang nakataob, at ipapasok sa district electoral office tabulator. Kabilang sa Accessible Voting System ang mga komponenteng ito:

- Audio Tactile Interface: Isang handheld na tactile controller na ginagamit sa Accessible Voting Sessions para sa mga botanteng bulag. May audio directions ang controller, malalaking colour-contrasted tactile buttons, at Braille inscriptions.
- Ballot Marking Device: Ginagamit kasama ng isang ballot tabulator para i-print sa isang orihinal na balota kung ano ang mga pinili ng botante sa isang Audio Accessible Voting session.

- Audio: Gumagamit ang mga botante ng headphones na may Accessible Voting Components para i-play ang audio instructions para mag-navigate at markahan ang balota. Maaaring dalhin ng mga botante ang kanilang sariling headphones kung mas gusto nila.
- Left at Right Paddles: Maaaring diinan ng mga botante ang paddles gamit ang mga kamay, mga paa, o mga siko para bumoto. Ito ay isang magandang opsyon para sa mga botanteng nahihirapang gumamit ng maliliit na instrumento, tulad ng pens o markers.
- Sip 'n' Puff Device: Ang device ay nagpapahintulot sa mga botante na markahan ang kanilang balota sa pamamagitan ng “pagsipsip” (pag-inhale) o “puffing” (pag-exhale) sa isang straw. Ang mga botanteng nahihirapang gamitin ang kanilang mga kamay o paa ang pangunahing gumagamit ng opsyon na ito.

### **Tulong sa Pagmarka ng Balota**

Ang mga botante ay maaaring makakuha ng tulong sa pagmarka ng kanilang balota para sa anumang dahilan. Maaari nilang sabihin sa election official sa lugar ng botohan na nais nila ng tulong sa pagmarka ng kanilang balota. Maaari din silang magsama ng isang kaibigan o kapamilya para tulungan sila. Ang assistant ay dapat gumawa ng isang solemn declaration na tutulungan niya ang botante batay sa kagustuhan ng botante.

### **Resources para sa mga Botanteng Bulag, Deafblind, o Bahagyang Nakakakita**

Bukod pa sa assistive devices na available sa district electoral offices, ang Listahan ng mga Kandidato sa uncontracted Braille, large print ballot posters at Braille ballot templates ay matatagpuan sa lahat ng lugar ng botohan para matulungan ang mga botante na may problema sa paningin na markahan ang kanilang balota.

### **Resources para sa mga Botanteng Bingi o May Kahirapan sa Pandinig**

Sinasanay ng Elections BC ang election officials na tumulong sa mga botante na bingi, nabingi, o may kahirapan sa pandinig. Mayroon kaming visual aids na available sa lugar ng botohan. Maaaring gumamit ang mga botante ng isang interpreter na dadalo o tutulong sa kanila. Maaari ring kontakin ng mga botante ang Elections BC sa telepono gamit ang voice-to-text services o ang Video Relay Service (VRS) sa 1-888-456-5448.

### **Pisikal na Accessibility sa mga Lugar ng Botohan**

Ang lahat ng advance voting places at karamihan ng mga pangkalahatang lugar ng botohan ay physically accessible sa mga botanteng gumagamit ng mobility devices. Ang mga botante na hindi makapasok sa loob ng isang lugar ng botohan ay maaaring bumoto sa labas ng gusali (sa curb o sa parking lot).

### **Translators (Mga Tagasalin sa ibang Wika) at Interpreters**

Maaaring magdala ang mga botante ng isang translator o interpreter na tutulong sa kanya sa lugar ng botohan. Kabilang dito ang isang sign language, tactile signing, o tracking interpreter. Ang translator o interpreter ay dapat magsagawa ng isang solemn declaration na kaya niyang kumilos bilang isang translator o interpreter at na gagawin niya ito sa abot ng kanyang mga kakayahan.

## Accessibility Para sa mga Politikal na Kalahok

Nakikipag-ugnayan ang Elections BC sa maraming mga politikal na kalahok, kabilang na ang mga kandidato, mga politikal na partido, elector organizations, at third party sponsors ng election advertising. Ang mga politikal na kalahok ay may pananagutan na gawing accessible sa publiko ang kanilang sariling resources at events. Ang anumang feedback sa mga bagay na ito ay dapat idiretso sa naaangkop na politikal na kalahok.

Ang isa sa mga responsibilidad ng Election BC sa provincial elections ay ang mangolekta at mag-proseso ng mga nominasyon ng kandidato. Ang karamihan ng mga eligible na botante ay maaaring tumakbo bilang mga kandidato para sa Legislative Assembly kapag sila ay nag-file ng isang kompletong aplikasyon para sa nominasyon sa Elections BC. Pagkatapos naming i-review ang application, mag-iisyu kami ng isang certificate of candidacy.

Dati ay halos laging paper-based application ang mga aplikasyon para sa nominasyon ng kandidato. Kinakailangan dati i-print at i-mail, i-fax, o dalhin nang personal ng mga nominadong kandidato ang kanilang forms sa Elections BC office. Noong pinupunan dati ng mga indibidwal ang application, nagkakamali sila minsan, halimbawa, hindi nila nasusulat ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Alam namin na mahirap para sa ilang mga indibidwal na punan ang paper applications. Upang tanggalin ang anumang mga hadlang, lumikha ang Elections BC ng isang electronic filing option para sa mga nominasyon sa 2023 na tinawag na Candidate Nomination Application System (CNAS). Ito'y isang web-based application na maaaring i-access ng mga indibidwal gamit ang kanilang computer, tablet, o mobile device sa [Elections BC Services portal](#). Maaaring gamitin ng mga indibidwal ang CNAS upang:

- kumpletohin ang kanilang nomination documents at i-track ang kanilang progress;
- bayaran ang kanilang deposit online gamit ang isang credit card;
- i-electronically sign ang kanilang mga dokumento at humingi ng signatures mula sa iba;
- i-submit ang kanilang nomination application para sa review sa anumang panahon na ang mga nominasyon ay tinatanggap;
- tumanggap ng updates at feedback mula sa Elections BC tungkol sa kanilang submission; at
- gumawa ng mga pagwawasto at i-submit muli ang kanilang nomination application pagkatapos ng isang Elections BC review.

Nagbibigay ang CNAS ng isang madaling self-serve at centralized na paraan para sa filing ng nominations na nagsusuri ng nomination information para malaman kung ito'y kompleto, at gumagabay ito sa mga kandidato sa proseso ng paggawa nito. Ang system ay may prompts na nagsasabi sa mga indibidwal kung may kulang silang impormasyon. Ito ay tumutulong sa kanila na punan nang wasto ang kanilang forms; ibig sabihin nito'y mas malamang na matatanggap ang kanilang applications.

Dahil nagagamit na ang CNAS, may opsyon ang mga kandidato na kumpletohin ang kanilang nomination application online (gamit ang CNAS) o kumpletohin ang paper application. Ang kapwa dalawang filing methods ay nangangailangan ng parehong items at napapailalim sa parehong requirements.

Bukod pa rito, dating nagpapadala ng written notices ang Elections BC sa mail sa mga politikal na kalahok; gayunpaman, ngayon ay nagpapadala na rin kami ng notices sa email upang matanggap nila ang notice nang mas mabilis at upang magamit ng mga indibidwal ang technology para basahin ang notice, kung nais nila.

## Accessibility sa Lugar ng Trabaho

Ang Elections BC ay may mga permanent at temporary employees sa aming head office at warehouse buong taon. Nagha-hire din kami ng libu-libong temporary employees sa panahon ng eleksyon upang magtrabaho sa mga lugar ng botohan at district electoral offices sa buong province. Layunin ng Elections BC na lumikha ng isang inklusibo at walang-hadlang na lugar ng trabaho para sa lahat ng kanyang mga empleyado. Narito ang ilang halimbawa ng kung paano naming sinusupportahan ang aming mga empleyado:

- Isinasaisip namin ang mga pangangailangan ng mga empleyadong may mga kapansanan kapag kami ay nag-aadvertise ng trabaho at nagha-hire ng mga empleyado. Halimbawa:
  - Malinaw naming tinutukoy kung aling mga trabaho ang may physical requirements, tulad ng pagbubuhat o mahahabang panahon na nakatayo.
  - Nagbibigay kami ng accessible formats at communication supports sa mga aplikante sa trabaho kapag ito'y hiniling, tulad ng pagbigay ng large-print versions ng mga dokumento.
- Binabawasan namin ang mga pisikal na hadlang sa aming work environments sa pamamagitan ng pagtiyak na ang aming meeting spaces at offices ay accessible sa mga táong gumagamit ng mobility devices, at ang mga banyo ay may accessible stall at automatic door openers.
- Gumagawa kami ng mga patakaran at practices na tutulong sa amin na maiwasan ang mga hadlang sa lugar ng trabaho. Halimbawa, nagbibigay kami ng isang scent-free work environment dahil ang scents ay maaaring magdulot ng sensory barriers.
- Sumusunod kami sa [Managers' Guide to Reasonable Accommodation](#) ng BC Public Service upang tulungan kami na magbigay ng accommodations at individualized supports sa mga empleyado.
- Mayroon kaming return-to-work process para sa mga empleyado na nag-absent sa trabaho dahil sa isang kapansanan, at na nangangailangan ng accommodations para makabalik sa trabaho.
- Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa workplace accommodations sa employee orientation materials.

# MGA HADLANG

---

Binabalangkas ng seksyon na ito ang mga hadlang na naranasan na ng Elections BC at na pagsisikapan nitong alisin. Malamang na may matutukoy ang Elections BC na mga bagong hadlang para sa mga táong nakikipag-ugnay sa amin habang nakikipagtulungan kami sa aming accessibility committee at habang ipinapatupad namin ang aming accessibility plan at feedback mechanism. Kapag may natukoy kaming mga hadlang, lilikha kami ng mga istratelihiya para tanggalin at iwasan ang mga ito.

## Accessibility by Design

Idinebelop ng Elections BC ang kanyang mga serbisyo at applications para masigurado na natutugunan ang anumang natukoy na mga hadlang, pero hindi namin sila patuloy na dinebelop gamit ang “accessibility by design” approach. Halimbawa, hindi pa natukoy (ng mga empleyado ng Elections BC o ng publiko) ang mga hadlang sa Online Voter Registration System ng Elections BC. Gayunpaman, hindi pa nagsasagawa ang Elections BC ng isang full accessibility audit sa sistemang iyon para masigurado na ito’y madaling magagamit at na ito’y accessible para sa lahat ng users; kaya ito’y isang hakbang para sa darating na panahon (tingnan ang seksyon na “Ang Aming mga Priyoridad sa 2023/24 hanggang 2025/26”).

Nagbibigay ang Elections BC ng maraming resources at mga dokumento sa mga alternatibong format, lalo na kung sila’y kinakailangan para makaboto ang isang tao. Halimbawa, ibinibigay namin ang Listahan ng mga Kandidato sa uncontracted Braille. Maaaring magbigay ang Elections BC ng karagdagang plain language resources sa mga alternatibong format, tulad ng Where to Vote cards at Voter’s Guides sa large print at sign language video. Maaari rin kaming gumawa ng training videos na may captions para sa mga empleyado.

## Training

Lumilikha ang Elections BC ng materials, tulad ng guides, videos, at online learning modules, upang mag-train ng mga empleyado at tulungan silang tumulong sa mga botante sa mga lugar ng botohan at sa district electoral offices. Sinasanay namin ang libu-libong election officials sa panahon ng mga halalan sa province. Para sa 2024 Provincial General Election, maglalabas kami ng bagong procedures at tools upang mapagsilbihan ang mga botanteng may mga kapansanan, tulad ng Accessible Voting System na matatagpuan sa district electoral offices. Kakailanganin naming pahasayin at i-update ang aming training materials upang masiguro na alam ng election officials kung paano susundin ang procedures at gagamitin ang tools para mabisang mapagsilbihan ang mga botanteng may mga kapansanan. Ito ay makatutulong sa amin na iwasan ang mga hadlang na maaaring magresulta mula sa pagkakamali ng empleyado.

## Physical Accessibility at Built Environment

Ang Elections BC ay wala pang natatagpuang anumang pisikal na hadlang sa mga empleyado sa aming head office sa Victoria o sa aming warehouse sa Central Saanich. Inaaseso namin ang mga lugar ng botohan para sa physical accessibility kapag pinipili namin sila. Gayunpaman, kinikilala namin na ang physical space ay maaaring magharap ng mga hadlang para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, at na ang accessibility needs sa lugar na ito ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon. Patuloy na tutukuyin at tutugunan ng Elections BC ang mga pisikal na hadlang tuwing nagkakaroon ng mga ito.

Habang ang lahat ng lugar ng advance voting at karamihan ng mga lugar ng final voting ay physically accessible sa mga táong gumagamit ng mobility devices, may ilang lugar ng final voting ang hindi accessible. Kinakailangang umupa ang Elections BC ng maraming venues sa buong province sa Final Voting Day, at maaaring maging mahirap makakuha ng space na fully accessible sa mga gumagamit ng mobility devices sa lahat ng mga lugar sa province. Sa ilang mga kaso, napapabuti namin ang accessibility sa mga lugar ng botohan na ito sa pamamagitan ng upgrades at temporary modifications. Gayundin, mayroon kaming ibang mga opsyon para sa mga botante na hindi maka-access sa isang lugar ng botohan sa Final Voting Day. Halimbawa, maaari silang bumoto sa mail, maaari silang bumoto nang curbside sa lugar ng botohan, o maaaring kwalipikado sila para sa Assisted Telephone Voting. Maaari rin silang bumoto sa ibang lugar ng botohan. Ipinapakita ng Elections BC sa Where to Vote cards at sa Elections BC website kung aling mga lugar ng botohan ang physically accessible para sa mga táong may mobility devices. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng paglagay ng International Symbol of Access sa tabi ng mga pangalan ng lugar ng botohan. Mababawasan ang mga hadlang para sa mga botante kapag nalalaman nila kung ano ang physical accessibility sa kanilang lugar ng botohan at kung ano ang mga alternatibong opsyon na magagamit nila para makaboto.

## Accessibility sa Proseso ng Pagboto

Ginagawang talagang accessible ng electoral legislation ng British Columbia ang ating proseso ng pagboto (tingnan ang seksyon na “Voting Accessibility”). Halimbawa, ang mga botanteng may mga kapansanan ay maaaring bumoto gamit ang Assisted Telephone Voting o ang Accessible Voting System sa district electoral offices. Lihim pa rin ang pagboto para sa kapwa dalawang opsyon na ito. Ang Accessible Voting System sa district electoral offices ay nagpapahintulot sa mga botante na bumoto nang mag-isa. Ipatatupad ng Elections BC ang system na ito sa buong province sa unang pagkakataon sa 2024 Provincial General Election. Ang Elections BC ay maaaring may matukoy pang karagdagang mga hadlang sa proseso sa panahong iyon.

Kung ang isang botante ay nagpaparehistro para makaboto sa mail, kailangan niyang patunayan ang kanilang identidad at address ng tirahan. Dating kinakailangang mag-submit ng photocopies ng tinatanggap na ID kasama ng vote-by-mail package ng botante. Ang mga kamakailan lamang na ginawang pagbabago sa batas ay nagpahintulot sa Elections BC na gumamit ng digital means para patunayan ang identidad ng botante, tulad ng pag-upload ng mga retrato ng tinatanggap na ID sa isang secure na website. Sa panahon ng pagsulat ng accessibility plan sa 2023, hindi pa nadidebelop ng Elections BC ang functionality na ito. Ang bahagi na ito ng vote-by-mail process ay maaari pa ring may hadlang para sa ilang mga botante. Plano ng Elections BC na pahasayin ito bago ng 2024 Provincial General Election gamit ang “accessibility first” approach.

# ANG AMING MGA PRIYORIDAD PARA SA 2023/24 HANGGANG SA 2025/26

Binabalangkas namin sa ibaba ang aming mga priyoridad para sa 2023/24 hanggang sa 2025/26. Maaaring may matukoy kaming mga karagdagang priyoridad sa panahong ito batay sa feedback mula sa aming accessibility committee at sa publiko. Ang mga priyoridad namin sa kasalukuyan ay:

## Ika-1 Priyoridad: Ipatupad ang voting modernization para sa susunod na provincial general election

Ang susunod na provincial general election ay nakatakda sa Oktubre 19, 2024. Ang eleksyon na ito ay ang siyang magiging unang pangkalahatang eleksyon na gaganapin sa ilalim ng modernized *Election Act*. Pahihintulutan kami ng voting modernization na mapabuti ang proseso ng pagboto. Gagamit kami ng bagong teknolohiya para pangasiwaan ang elections, kabilang na ang paggamit ng tabulators sa pagbilang ng mga papel na balota at mga laptop para hanapin ang mga botante at i-cross off sila mula sa listahan ng mga botante. Papahintulutan ng tabulators ang malawakang paggamit ng Elections BC sa assistive devices para sa mga botanteng may mga kapansanan dahil ang tabulators ay bahagi ng Accessible Voting System na ilalagay sa lahat ng district electoral offices. Gayundin, kapag nagkamali ang isang botante sa isang balota, sasabihin ito kaagad ng tabulator sa election official para maiwasto ng botante ang kanyang balota. Ang pagboto ng mga botante batay sa pagkakasunod-sunod ng pagdating nila sa voting place sa halip na kailanganing bumoto sa isang nakatakdang voting station sa lugar ng botohan ay isa pang benepisyo. Inaasahang mabawasan nito ang panahon ng pagpila ng mga botante sa mga lugar ng botohan.

Nagkaroon kami ng oportunidad na gamitin nang kaunti ang mga proseso ng voting modernization noong panahon ng by-elections. Patuloy naming susubukan ang aming mga proseso bago ng 2024 Provincial General Election. Kabilang dito ang pakikipagtulungan sa mga táong may mga kapansanan upang masubukan ang mga proseso nang ma-identify ang anumang mga hadlang nang matanggal at maiwasan namin sila.

## Ika-2 Priyoridad: I-review ang accessibility ng website at ng Online Voter Registration System ng Elections BC

Nais naming tiyakin na matatanggap at mauunawaan ng mga táong may mga kapansanan ang impormasyon at mga komunikasyon na naihatid ng Elections BC, kabilang na sa aming website. Nais din naming masigurado na ang mga tao ay madaling makakapagparehistro para bumoto. Dahil dito, makikipagtulungan ang Elections BC sa mga táong may mga kapansanan upang i-review ang content at design ng website at Online Voter Registration System nito. Kabilang dito ang pagsubok na gumamit ng assistive technologies. Halimbawa, titiyakin namin na ang aming web content, mga dokumento, at guides ay:

- compatible sa assistive technology, tulad ng screen readers, screen magnifiers, refreshable Braille displays at keyboard navigation;
- nakasulat sa simpleng wika, at
- malinaw at may simpleng layout.

## Ika-3 Priyoridad: Magbigay ng impormasyon sa mga politikal na kalahok sa iba't ibang format

Ang paglikha namin ng CNAS ay isang malaking hakbang tungo sa pagpapabuti ng accessibility para sa mga politikal na kalahok. Naghahanap kami ng mga paraan kung paano kami higit na makakapagpabuti. Halimbawa, nag-alok ang Elections BC noong 2022 ng sign language interpretation sa isang online information session para sa mga politikal na kalahok, batay sa isang request mula sa isang kalahok sa meeting. Gagawin naming priyoridad na mag-alok ng sign language interpretation at iba pang mga serbisyo, tulad ng captioning, sa information sessions na gagawin sa darating na panahon. Nalalaman namin na pinakamabuti kung iaalok ang mga serbisyong ito sa lahat ng information sessions sa halip na kung kailan lamang may nag-request nito. Pahihintulutan nito ang mga indibidwal na nangangailangan ng mga serbisyong ito na madaling makakadalo, kahit na nagpasiya silang dumalo nang last minute. Kapag inalok namin ang mga serbisyong ito sa aming information sessions, maaari kaming kumilos bilang isang model of accessibility para sa mga politikal na kalahok. Maaari nitong hikayatin ang mga politikal na kalahok na ialok ang mga serbisyong ito sa kanilang sariling events.

## Ika-4 na Priyoridad: Magbigay ng impormasyon sa mga botante sa iba't ibang format

Naghahanap kami ng mga paraan kung paano namin maibabahagi ang aming impormasyon sa mga botante sa iba't ibang format, lalo na sa susunod na provincial general election. Maaaring kabilang dito ang pag-alok ng aming impormasyon sa large print, uncontracted o contracted Braille, audio at sign language video. Sisiguraduhin namin na ang lahat ng aming materyales at formats ay nasa simpleng wika.

## Ika-5 Priyoridad: Pabutihin ang training materials para sa election officials at district electoral office staff

Makikipagtulungan kami sa mga indibidwal na may mga kapansanan para i-review at mapabuti ang aming training materials. Kabilang dito ang aming guides, videos, at online learning modules. Rerebyuhin namin ang format at content ng aming mga materyales para masiguro na ang mga empleyadong may mga kapansanan ay madaling makaka-access sa aming training materials. Gayundin, sisiguraduhin namin na ang aming training materials ay malinaw na nagpapaliwanag sa mga empleyado:

- kung paano tulungan ang mga botante sa lugar ng botohan at sa district electoral office, kung nais nila ng tulong; at
- kung paano gamitin ang tools at resources, tulad ng Braille ballot template at Accessible Voting System.

Para sa mga empleyado na mamamahala sa pag-hire ng temporary staff, sisiguraduhin namin na malinaw na ipinapaliwanag ng aming training materials ang standards of conduct ng Elections BC at ang kahalagahan ng paggalang at inklusyon sa Elections BC. Nais naming madama ng lahat ng aming mga empleyado na sila'y malugod na tinatanggap at na sila'y kasali. Ang pag-hire ng mga táong may mga kapansanan ay tumutulong na bawasan ang masamang attitude na nagiging hadlang sa lugar ng trabaho, at pinahihintulutan nito ang Elections BC na makinabang mula sa magkakaibang skills at kaalaman.



## Ika-6 na Priyoridad: Humingi ng input mula sa mga empleyado ng Elections BC tungkol sa kung paano mapapabuti ang accessibility sa ating mga lugar ng trabaho

Plano naming mangolekta ng feedback mula sa staff tungkol sa mga paraan kung paano namin mababawasan ang mga hadlang sa ating mga lugar ng trabaho dahil sa environments, mga attitude, mga gawi, mga patakaran, impormasyon, komunikasyon, o mga teknolohiya. Ang aming layunin ay ang iangat ang aming katayuan bilang isang employer na may kompiyansa na ito'y may accessibility, at na manatiling maalalahanin sa mga pangangailangan ng mga empleyadong may mga kapansanan kapag kami ay lumilikha ng employment opportunities at kapag isinasagawa namin ang aming trabaho. Ibig sabihin nito'y patuloy naming tatanggapin ang digital accessibility, at patuloy naming susundin ang mga patakaran at mga gawi na nagsisiguro na ang mga empleyadong may mga kapansanan ay kasali.

## PAGSUBAYBAY AT PAGTATASA

---

Susubaybayan namin ang accessibility sa Elections BC sa pamamagitan ng pagkuha ng feedback mula sa aming accessibility committee at mula sa publiko tungkol sa aming accessibility plan at tungkol sa mga hadlang sa Elections BC. Ikinalulugod naming matanggap ang public feedback buong taon; gayunpaman, inaasahan namin na makakatanggap kami ng karagdagang public feedback sa panahon ng eleksyon at sa iba pang electoral events dahil dinaragdagan nito ang aming pakikipag-ugnay sa mga indibidwal sa buong province. Magbibigay kami ng update sa aming Annual Report and Service Plan -- na siyang inilalathala namin sa aming website bawat taon -- tungkol sa trabahong nakompleto na namin at tungkol sa aming nagawa para tuparin ang aming mga priyoridad. Sa bawat committee meeting ay ibabahagi rin namin sa aming accessibility committee kung ano ang aming progress at kung ano ang aming mga nagawa.

Makikipagtulungan kami sa mga indibidwal na may mga kapansanan upang tasahin kung nakompleto na namin ang aming mga priyoridad. Halimbawa, pagkatapos namin i-audit at mapahusay ang Elections BC website para sa accessibility, hihilingin namin ang mga indibidwal na may mga kapansanan na i-test ang website gamit ang kanilang sariling assistive technology upang masigurado na ang mga ito'y compatible sa aming website. Bukod pa rito, bibilangin namin kung ilang resources at information sessions ang naibigay namin sa mga alternatibong format para sa mga botante at mga politikal na kalahok bawat taon para makahanap kami ng mga paraan para dagdagan ang bilang ng mga ito sa mga darating na taon.

# KONKLUSYON

---

Nangangako ang Elections BC na gawing accessible at inklusibo ang electoral process para sa lahat ng tao sa British Columbia. Upang maisagawa ito, dapat namin tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang para sa lahat ng mga táong nakikipag-ugnay sa amin. Ang lahat ng mga táong eligible sa province ay dapat makaboto o dapat maaaring maging isang kandidato, kung nais nila. Inaanyayahan namin ang mga tao na magbigay sa amin ng feedback tungkol sa aming accessibility plan at anumang interaksyon nila sa Elections BC. Plano naming pabutihin ang accessibility sa loob ng susunod na dalawang taon sa pamamagitan ng pagkompleto sa aming anim na priyoridad at anumang iba pa na aming matutukoy.

## **Elections BC**

PO Box 9275 Stn Prov Govt  
Victoria, BC V8W 9J6

Telepono: 250-387-5305

Toll-free (libreng matatawagang numero):  
1-800-661-8683

TTY: 1-888-456-5448

Email: [electionsbc@elections.bc.ca](mailto:electionsbc@elections.bc.ca)

[elections.bc.ca](http://elections.bc.ca)



A non-partisan Office of the Legislature